San Francisco Department of Early Childhood

FY26-27 Form ng Pagsubaybay sa mga Kinakailangan para sa

Early Learning For All (ELFA) - Pinopondohan na Pagpapalawig ng Preschool

Kung naggawad ng karagdagang taon ng preschool na pinopondohan ng ELFA, kakailanganin ng mga provider na kwalipikado sa ELFA na tulungan ang pamilya sa pagsusumite ng form na ito sa DEC-Access-Enrollment@sfgov.org **sa katapusan ng Marso bago magsimula ang FY26-27** at makilahok sa isang naka-estrukturang plano ng pagsubaybay na itinakda ng Department of Early Childhood (DEC). **Ang mga kahilingang natanggap pagkatapos ng Marso ay susuriin sa bawat kaso.** Ang plano ng pagsubaybay na ito ay maaaring kabilangan ng mga pagkilos sa sumusunod na seksyon.

Mangyaring lagyan ng inisyal ang bawat kahon upang patunayan ang iyong pagsang-ayon na kumpletuhin ang mga hakbang na nakalista sa ibaba kung hihilingin ng DEC:

Kukumpletuhin ng Programa	
	Pagsusumite ng plano ng paggawa sa simula ng taon ng pasukan na nagbabalangkas ng mga tunguhin sa pag-unlad para sa bata
	Mga nakadokumentong ulat ng pag-unlad na isusumite sa DEC-Access-Enrollment@sfgov.org sa Disyembre at Marso, na nagpapamalas ng masusukat na pag-unlad tungo sa pag-abot sa mga yugto ng pag-unlad tulad ng, ngunit hindi limitado sa: • **Mga Kopya ng Ages & Stages Questionnaire (ASQ, Talatanungan sa mga Edad at Yugto)** **Mga Ninanais na Resulta sa Pag-unlad** **Mga ulat sa Profile (DRDP) ○ Kung isang siklo ng pag-uulat ng DRDP lamang ang isinumite, ang mga programa ay kailangang magbigay ng katibayan ng mga nagpapatuloy na obserbasyon sa paghahanda para sa pangalawang siklo**
	Pakikibahagi sa mga aktibidad ng pagpapabuti ng kalidad sa buong taon, na naaayon sa Balangkas ng Pagpapatuloy ng Kalidad (QCF)
	Maaari ring iatas ng DEC ang pakikibahagi sa isang Sistema ng Pagsukat ng Kalidad at Pagpapabuti (QRIS), na maaaring kabilangan ng: • **Mga pag-obserba gamit ang tool na Sistema ng Pagmamarka ng Pagtatasa sa Klase (CLASS) Ika-2 Edisyon** • **Pagtatasa gamit ang panukat na CLASS Environment** • **Pagtatasa sa sarili na naaayon sa ini-update na Balangkas ng Pagpapatuloy ng Kalidad (QCF)**

	Pakikipagtulungan sa magulang upang bumuo at magpatupad ng mga kaakibat na mga plano ng suporta na nakabase sa tahanan para sa bata na maaaring kabilangan ng mga sumusunod na hakbang: • **Unang Pagpupulong – Mag-iskedyul ng maikling pakikipag-usap (sa personal, telepono, o virtual na paraan) sa pagitan ng tagapagturo upang talakayin ang mga kasalukuyang tunguhin ng bata sa pag-unlad at anumang mga alalahaning naobserbahan sa tahanan o sa klase.**

	• **Magkasamang Pagpaplano – Batay sa unang pakikipag-usap sa tagapagturo ng bata, magsusulat ang magulang ng isa o dalawang istratehiya na masusubukan niya sa tahanan upang suportahan ang pag-aaral at pag-unlad ng bata. Dapat naaayon ang mga ito sa mga suporta at pagtuturo sa klase (hal., mga rutina, wika, suporta sa pakikisalamuha-emosyonal).** • **Dokumentasyon – Kinukumpleto ng magulang ang form na may gabay mula sa mga tauhan ng programa kung kailangan. Maaaring kabilang dito ang pagsusulat sa iyong wika sa tahanan o pagdidikta ng mga sagot sa tauhan na makakatulong sa pagsasalin.** • **Follow-up – Nagkakasundo ang mga edukador at pamilya sa oras ng muling pagtingin sa plano ng suporta upang sumalamin sa kung ano ang gumana at gumawa ng anumang mga pagsasaayos.**
Kukumpletuhin ng Pamilya	
	Pakikipagtulungan sa programa upang bumuo at magpatupad ng mga kaakibat na mga plano ng suporta na nakabase sa tahanan para sa bata na maaaring kabilangan ng mga sumusunod na hakbang: • **Unang Pagpupulong – Makibahagi sa isang maikling pag-uusap (sa personal, sa telepono, o virtual na paraan) sa pagitan ng magulang at tagapagturo upang talakayin ang mga kasalukuyang tunguhin sa pag-unlad ng iyong anak at anumang mga alalahanin na naobserbahan sa tahanan o sa klase.** • **Magkasamang Pagpaplano – Batay sa unang pakikipag-usap sa tagapagturo ng iyong anak, magsusulat ang magulang ng isa o dalawang istratehiya na masusubukan niya sa tahanan upang suportahan ang pag-aaral at pag-unlad ng bata. Dapat naaayon ang mga ito sa mga suporta at pagtuturo sa klase (hal., mga rutina, wika, suporta sa pakikisalamuha-emosyonal).** • **Dokumentasyon – Kinukumpleto ng magulang ang form na may gabay mula sa mga tauhan ng programa kung kailangan. Maaaring kabilang dito ang pagsusulat sa iyong wika sa tahanan o pagdidikta ng mga sagot sa tauhan na makakatulong sa pagsasalin.** • **Follow-up – Nagkakasundo ang mga edukador at pamilya sa oras ng muling pagtingin sa plano ng suporta upang sumalamin sa kung ano ang gumana at gumawa ng anumang mga pagsasaayos.**

	Mag-apply para sa Kindergarten sa https://www.sfusd.edu/schools/enroll kung pinaplano mong i-enroll ang iyong anak sa San Francisco Unified School District (SFUSD) – anuman ang layunin para humiling ng karagdagang taon sa preschool. Titiyain nito ang tamang pagtatalaga para sa susunod na taon ng pasukan, sakaling tinanggihan ang kahilingan para sa pagpapalawig ng preschool.
	Unawain na kailangan ng mga batang ma-enroll sa paaralan bago lumampas ng edad na 6 na taong gulang sa ilalim ng batas ng California sa iniaatas na edukasyon. Kung pinili ng pamilya na ipagpaliban ang kindergarten at ang bata ay naging 6 na taong gulang, papayuhan silang mag-apply para sa unang baitang. Ang pinal na pagtatalaga sa baitang ay pagpapasyahan nang alinsunod sa mga patakaran ng SFUSD. Maaari kang makipag-ugnayan sa SFUSD Enrollment Center sa 415-241-6085 o enrollinschool@sfusd.edu kung mayroon kang anumang mga katanungan.

Pangalan ng Anak: _____

Petsa ng Kapanganakan: _____

Ang kahilingan ay isinumite ng (mangyaring lagyan ng tsek ang isa):
☐ Ahensya para sa Pagpapaalaga ng Anak/Pampamilyang Tagapagkaloob ng Pangangalaga sa Anak
☐ Pamilya

Mangyaring magbigay ng detalyadong pagpapaliwanag na sumusuporta sa rekomendasyon para sa karagdagang taon ng preschool para sa batang ito. Sa iyong paliwanag, isama ang mga obserbasyon o pagtatasa na nagpapahiwatig na ang mapakikinabangan ng bata ang karagdagang panahon sa preschool setting bago magtransisyon sa SFUSD.

Siguraduhing itala ang anumang mga partikular na alalahanin, tulad ng mga pagkaantala sa pag-unlad, mga hamon sa pakikisalamuha-emosyon, mga pangangailangan para matutunan ang wika, o pag-uugali ng pag-aakma ng sarili, na maaaring maapektuhan ang kahandaan ng bata para sa kapaligiran ng kindergarten.

Bukod dito, isaad ang anumang pinagtutuunang tunguhin o suporta na maaaring patuloy na maibigay ng programa ng preschool upang itaguyod ang pag-unlad ng bata bilang paghahanda sa pagpasok sa SFUSD.

Pagkilala at Pagsang-ayon ng Magulang/Tagapag-alaga

☐ Nabasa at nauunawaan ko ang impormasyon sa itaas, at sumasang-ayon na kumpletuhin ang mga pagkilos na iniaatas sa akin, kung hiniling.

Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga:

_____

tra: _____Petsa: _____

Pagkilala at Pagsang-ayon ng Ahensya para sa Pagpapaalaga ng Anak/Pampamilyang Pagpapaalaga sa Anak

☐ Nabasa at nauunawaan ko ang impormasyon sa itaas, at sumasang-ayon na kumpletuhin ang mga pagkilos na iniaatas sa akin, kung hiniling.

Ahensya para sa Pagpapaalaga ng Anak/Pampamilyang Pagpapaalaga sa Anak:

_____

Pangalan ng Direktor: _____

Lagda ng Direktor: _____Petsa: _____